

# MGA TUNTUNING MAY KAUGNAYAN SA KALIDAD NG TUBIG

## MGA INIAATAS SA PINAKAMAHUSAY NA GAWAIN SA PAMAMAHALA (PANSAMANTALA) NG KONSTRUKSIYON

Ang mga proyektong konstruksiyon ay maaaring maging dahilan upang ang dumi at ibang basura ay dumaloy sa ating sistema ng paagusang pampagyo at sa huli ay magparumi sa ating maliliit na ilog at karagatan.




**Ang Kagawaran ng Pagpaplano at Pagpermiso ng Lungsod ay may mga tuntunin upang mas mahusay na protektahan ang ating maliliit na ilog at karagatan laban sa mga epekto ng pagtatayo. Ang mga tuntunin ay nakakaapekto sa iyong proyekto kung ito ay may kaugnayan sa mga aktibidad na nakakagambala sa lupa.**

Ang mga aktibidad na nakakagambala sa lupa ay kinabibilangan ng:

- paghuhukay
- paghahantad ng lupa
- akses ng mabigat na trak
- konstruksiyon ng mga bagong istruktura
- paggrado, pag-aalis, pag-iimbak, at pag-trench sa loob ng karapatan sa daan ng lungsod
- pagsira sa mga kasalukuyang damo, kongkreto o aspalto
- paghuhukay ng lupa, pag-iimbak/pagtitipon ng kagamitan
- paggiba ng mga kasalukuyang pundasyon/istruktura

Kung ang iyong proyektong konstruksiyon ay binubuo ng paggambala sa lupa, kakailanganin mong mag-instala ng pansamantalang **mga pinakamahusay na gawain sa pamamahala** upang pigilan ang pagguho at bawasan hanggang maaari ang pagpasok ng mga latak at nagpaparumi sa sistema ng paagusang pambagyo.

## PANSAMANTALANG MGA PINAKAMAHUSAY NA MGA GAWAIN SA PAMAMAHALA:


Mga Biosock


Mga Bakod para sa Banlik


Natatakpang Imbak

## PANGKALAHATANG-TANAW SA MGA INIAATAS PARA SA MGA PROYEKTONG KONSTRUKSIYON NA NAKAKAGAMBALA SA LUPA:

**BAGO ANG KONSTRUKSIYON**

- Pagpasiyahan ang Kategorya ng Proyekto para sa lahat ng Kategorya ng Proyekto maliban sa Menor na Pagtatayo:
  - Magtalaga ng isang Tagapag-ugnay ng Plano sa Pagkontrol ng Pagguho at Latak na may pangkasalukuyang sertipiko ng ESCP
  - Magsumite ng isang Plano sa Pagkontrol ng Pagguho at Latak
  - Bigyan ng nakasulat na paunawa ang Kagawaran ng Pagpaplano at Pagpermiso ng tungkol sa petsa ng pagsisimula ng proyekto o tumawag sa telepono 14 na araw bago simulan ang anumang trabaho
- Mag-instala ng pansamantang mga pinakamahusay na gawain sa pamamahala

**SA PANAHON NG KONSTRUKSIYON**

- Inspeksiyunin ang lugar ng proyekto nang palagian
- Maghanda at magtipon ng mga ulat ng inspeksiyon maliban sa mga proyektong Menor na Pagtatayo

**PAGKATAPOS NG KONSTRUKSIYON** (Para sa Pagsasara ng Permiso)

- Permanenteng patatagin ang lugar
- Magsumite ng mga ulat ng inspeksiyon at Liham ng Pagsunod sa ESCP, maliban sa mga proyektong Menor na Pagtatayo.

MGA FEE SA PAGSUSURI NG PLANO

**FEE SA PAGSUSURI NG PLANO SA PAGKONTROL NG PAGGUHO AT LATAK:** $250; at $100 para sa pagsusuri ng anumang mga pagbabago o pagpapalit sa inaprobahang ESCPs na iniaatas ng Direktor. Sinumang taong lumabag sa mga tadhana ng mga tuntuning ito ay napapailalim sa mga paunawa ng mga paglabbag at mga multa.

BE AN EVERYDAY CLEAN WATER HERO

**LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU**
Kagawaran ng Pagpaplano at Pagpermiso

**Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang Bill 30 sa *http://bit.ly/2wfAMSD***

**ENERO 11, 2019**

# MGA TUNTUNING MAY KAUGNAYAN SA
# KALIDAD NG TUBIG
## MGA INIAATAS SA BMP (PERMANENTE) PAGKATAPOS NG KONSTRUKSIYON

Ang ilang proyekto ay magkakaroon ng mga iniaatas para sa Mga Pinakamahusay na Gawain sa Pamamahala (BMPs) pagkatapos ng konstruksiyon na tinatawag ding permanenteng BMPs.

Ang BMPs ay nilalayong 1) panatilihin o ibalik ang kakayahan ng lugar na tumanggap ng ulan, at/o 2) panatilihin ang ulan na malayo sa mga lugar na posibleng may mga aktibidad na nagpaparumi upang pigilan ang mga nagpaparumi na pumasok sa sistema ng paagusan ng tubig bagyo.

**Ang mga proyektong nangangailangan ng BMPs Pagkatapos ng Konstruksiyon ay kinabibilangan ng:**

1) Paggambala ng Lupa na mas malaki kaysa 1 acre, o
2) Hindi nalalagusang ibabaw na mas malaki kaysa 500 kuwadradong talampakan at kaugnay ang:
   - tindahan ng tinging gas,
   - talyer ng pagkukumpuni ng awto,
   - mga restawran,
   - mga loteng paradahan na may 20 stall o higit,
   - mga gusaling mas malaki kaysa 100 talampakan ang taas,
   - mga mall ng pagtitingi, at/o
   - mga pasilidad na ginamit o nakasona para sa paggamit na pang-industriya

## MGA HALIMBAWA NG PINAKAMAHUSAY NA GAWAIN SA PAMAMAHALA PAGKATAPOS NG KONSTRUKSIYON:


Mga Naunang Inilatag sa Kapi‘olani Park


Mga Damong Inilatag sa ‘Iolani School


Natatakipang Lugar ng Paghuhugas ng Sasakyan

## PANGKALAHATANG-TANAW SA MGA INIAATAS SA BMP PAGKATAPOS NG KONSTRUKSIYON:

| | |
|---|---|
| **BAGO ANG KONSTRUKSIYON** | • Magsumite ng isang Ulat ng Kalidad ng Tubig Bagyo o isang Listahan ng Dapat Tiyakin sa Kalidad ng Tubig Bagyo na inihanda ng isang Sertipikadong Tagahanda ng Plano sa Pagpaparumi ng Tubig (Certified Water Pollution Plan Preparer, CWPPP) na may pangkasalukuyang sertipiko<br>• Magsumite ng isang Plano sa BMP (PCBMP) Pagkatapos ng Konstruksiyon<br>• Magsumite ng isang Plano sa mga Pagpapatakbo at Pagpapanatili (Operations & Maintenance, O&M) |
| **SA PANAHON NG KONSTRUKSIYON** | • Magpanatili ng isang CWPPP upang magsagawa ng hindi bababa sa dalawang (2) obserbasyon ng lugar ng instalasyon ng BMPs Pagkatapos ng Konstruksiyon |
| **PAGKATAPOS NG KONSTRUKSIYON** (Para sa Pagsasara ng Permiso) | • Magsumite ng isang Form ng Sertipiko ng Pagkumpleto<br>• Itala ang inaprobahang Plano sa PCBMP at tinanggap na Plano sa O&M ng Hukuman sa Lupa at Kawanihan ng mga Conveyance ng Estado ng Hawaii gaya ng angkop |

Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang:


Mga Permiso sa Pagtatayo 768-8230
Mga Permiso sa Paggrado at Pag-trench 768-8216 o 768-8217
Online ng Impormasyon at mga Tagatulong sa Pagsasanay
http://q-r.to/DPP-SWQ


I-scan itong QR Code upang diretsong pumunta sa online na impormasyon


BE AN EVERYDAY CLEAN WATER HERO

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU
Kagawaran ng Pagpaplano at Pagpermiso


ENERO 11, 2019